



Iniutos ng Korte na Proseso ng Pagdi-distrito ng Konseho

Ano ang kailangan mong malaman

Noong Hunyo 6, 2018, ang Kataas-taasang Hukuman ng Probinsya ng Santa Clara ay nagpalabas ng kapasiyahang nagsasaad na ang kasalukuyang paraan ng paghahalal ng Lungsod ng Santa Clara ng mga miyembro ng konseho nito sa Pambuong-Lungsod na halalan ay lumalabag sa Batas ng mga Karapatan sa Pagboto sa California. Ang Korte ay magsasagawa ng karagdagang paglilitis simula sa Hulyo 23, 2018 upang matukoy ang panghukumang lunas sa paglabag na ito. Ipinahiwatig ng Korte na maaari itong magpalabas ng pasya na sa halalan sa Nobyembre 2018 para sa dalawang pwesto ng Konseho na para sa paghahalal sa mga kandidato yaon ay hindi ihahalal sa Pambuong-Lungsod na batayan, kundi sa pamamagitan ng pandistritong halalan.

Noong Hunyo 26, 2018, ang Korte ay nagpalabas ng Kautusan tungkol sa Iskedyul para sa Yugto ng mga Lunas sa Paglilitis:

<http://santaclaraca.gov/home/showdocument?id=58277>. Iniaatas ng Kautusan na ang Lungsod ay magsagawa ng agarang mga aksyon na magdaos ng (4) apat na pampublikong pandinig bago ang Hulyo 22, 2018 para sa layunin ng pagtanggap ng pampublikong input sa potensyal na mga mapa para sa paghahalal ng mga miyembro ng Konseho.

Ang pagbabago sa halalan sa distrito ay magiging isang malaking pagbabago sa kung papaano maghahalal ang mga botante ng Santa Clara ng kanilang mga miyembro ng Konseho. Kapag nag-utos ang Korte ng mga pandistritong halalan, ang mga botante ay maaari lamang maghalal ng isang miyembro ng konseho na naninirahan sa kaparehong distrito ng mga botante na iyon.

Input ng Komunidad – Makialam

Hinihikayat ng Lungsod ng Santa Clara ang iyong pakikilahok sa prosesong ito upang makalikha ng potensyal na mga bagong distrito sa Lungsod ng Santa Clara. Kinikilala namin na napaka-ikling panahon nito para tanggapin ang iyong input, ngunit dahil sa kahalagahan ng pagbabagong ito, hinihimok ka namin na dumalo sa darating na mga pampublikong pagdinig at manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Lungsod sa www.santaclaraca.gov/districts. Para maglaan ng sulat na pampublikong input, maaari mong i-email ng direkta ang iyong mga komento sa: districts@santaclaraca.gov



Mga Pampublikong Pagpupulong

Hulyo 3, 2018 – 6:00 p.ms. Council Chambers, 1500 Warburton Avenue, Santa Clara

Hulyo 5, 2018 – 4:30 p.m. Central Park, Margie Edinger Room, 2635 Homestead Road, Santa Clara

Hulyo 11, 2018 – 6:00 p.m. Council Chambers, 1500 Warburton Avenue, Santa Clara

Hulyo 21, 2018 – 11:00 a.m. Northside Library Community Room, 695 Moreland Way, Santa Clara

Para magsa-ayos ng mga kaluwagan sa ilalim ng Batas ng mga Amerikano na may Kapansanan para makilahok sa pampublikong kaganapan na ito, mangyaring tumawag sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa (408) 615-2220 na hindi bababa sa tatlong araw ng trabaho bago ang kaganapan.

Mga Mapa at Demograpiko

Gagamitin ng propesyunal na demogropo ang demograpikong impormasyon ng Lungsod para maghanda ng plano ng mapa ng mga distrito yung lahat na mga magkakahiwalay na distrito. Ang plano ng mapa ng mga distrito ay ilalathala sa webpage na ito para repasuhin ng publiko.

Natatanging Komite ng Pagpapayo sa Pagdi-distrito

Ang Natatanging Komite ng Pagpapayo sa Pagdi-distrito ay nilikha upang isagawa at pangasiwaan ang mga pampublikong pagdinig sa pagdi-distrito. Ang mga miyembro ng komite ay binubuo ng mga residente na kasalukuyan ding nagsisilbi sa mga itinatag na lupon at komisyon.

- Yuki Ikezi (Chair)
- Stephen Ricossa
- Barbara "Bobbi" A. Estrada

Mga Katanungan / Higit na Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon o anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Namamahala sa Lungsod sa (408) 615-2210 o mag-email sa districts@santaclaraca.gov